

## DIVISION OF CEBUPROVINCE

Sudlon, Lahug, CebuCity

Agosto 26, 2016

### Pansangay na Memorandum

Blg. 497, s. 2016



#### 2016 PANSANGAY NA PISTA NG WIKA

**Para sa: Assistant Superintendents  
Education Supervisors/Coordinators  
District Supervisors/OICs  
Public at Private Elementary and Secondary School Heads**

- Nais ipaalam ng Tanggapang ito na gaganapin ang **2016 Pansangay na Pista ng Wika** sa ika - 30 ng Agosto, 2016 sa Consolacion NHS at CITI Mall sa Consolacion, Cebu para sekundarya at sa ika- 31 ng Agosto, 2016 naman sa Magay Elementary School, Compostela Cebu ang sa elementarya mula alas 8:00 n.u. hanggang alas 5:00 ng hapon.
- Layunin ng patimpalak na ito na:
  - mabigyan ng kahulugan ang pagdiriwang ng “Pista ng Wika” sa pamamagitan ng iba’t ibang paligsahan;
  - malinang iba’t ibang kakayahan, talino, talento at galing ng mga mag-aaral sa Filipino;
  - maipakita ang nalinang na kakayahan sa paraang pasulat, pananalita at maging sa pagguhit;
  - makapili na pinakamagagaling na mag-aaral sa bawat distrito na siyang kakatawan sa mga susunod pang mga patimpalak;
  - maipatupad ang layunin sa pagpapalaganap ng pambansang wika at pambansang pagkakilanlan
- Magkakaroon ng mga patimpalak sa mga sumusunod:

PATIMPALAK	Isang kalahok lamang bawat Distrito at bawat Munisipalidad
1. Ang Tinig (Isahang Pag-awit) The Voice	54/44
2. Dalahang Pag-awit	54/44
3. Talentadong Mag-aaral	54/44
4. Flip Top (Sekundarya lamang)	44 X 3 =132
5. Tagisan ng Talino	54/44
6. Pagsulat6 ng Sanaysay	54/44
7. Pagsulat ng Islogan	54/44
8. Paggawa ng Poster	54/44

4. Kalakip ang mga Panuntunan at Kriterya sa bawat paligsahan bilang patnubay sa iba't ibang Gawain.
5. Inaasahang ang lahat ng PSDS, School Administrators at mga Guro sa Filipino ay makikiisa sa Pansangay na Gawaing ito.
6. May butaw na Isang Daang Piso (Php 100.00) ang bawat kalahok sa sekundarya at Limang Daang Piso (Php 500.00) sa bawat distrito naman na gugugulin para sa honorarya ng mga inampalan, sertipiko, medalya, tropeyo dekorayon, pagkain ng mga panauhin at fasiliteytor at iba pang gastusin na may kinalaman sa nasabing patimpalak na manggagaling sa School MOOE/SEF/PTA at iba pang mapagkukunan ng pondo na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.
4. Ang Memorandum na ito ay magsisilbing Travel Order ng mga kalahok.
5. Hinihiling ang malawakan at madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
**RHEA MARAL ANGTUD, Ed.D., CESO VI**  
Schools Division Superintendent 

---

Telephone Numbers:

Schools Division Superintendent:	(032) 255-6405
Asst. Schools Division Superintendent:	(032) 414-7457
Accounting Section:	(032) 254-2632
Disbursing Section:	(032) 255-4401
Admin/Legal:	(032) 253-7847
Promotional Staff Section:	(032)520-3217

Website : [www.depedcebuprovince.com](http://www.depedcebuprovince.com)  
E-mail Add : [depedcebuprovince@yahoo.com](mailto:depedcebuprovince@yahoo.com)

## 2016 PANSANGAY NA PISTA NG WIKA

**PATIMPALAK :** Ang tinig (The Voice) at Dalawahang –Tining

**Panuntunan:**

1. Ang paligsahang ito ay bukas para sa lahat ng mag-aaral ng DepEd Cebu Province.
2. Ang mga kalahok ay gagamit ng minus one at ibibigay sa komite bago magsimula ang patimpalak.
3. Ang mga kasuotan ng mga kalahok ay Filipiniana.
4. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi maaaring baguhin.
5. Ang hindi tumupad sa mga nabanggit ay may kabawasang puntos sa bawat puntunan.

**Kriterya:**

a. Timbre	-	30%
b. Tiempo	-	25%
c. Interpretasyon	-	20%
d. Kalinawan	-	15%
e. Pagtatanghal	-	<u>10%</u>
		100%

**PATIMPALAK : Talentadong Mag-aaral**

**Panuntunan:**

1. Ang paligsahang ito ay bukas para sa lahat ng mag-aaral ng DepEd Cebu Province.
2. Lahat ng natatangi at naiibang talento, galing at kakayahan ng mag-aaral ay pwedeng ipakita maliban lang sa mga hindi kaaya-ayang tingnan at pakinggan sa lahat ng manonood.
3. Ang bilang ng mga kalahok sa patimpalak ay pwedeng isahan, dalawahan o pangkatan.
4. Pwedeng gumamit ng mga kagamitan o props pero kailangang naaangkop ito sa talentong ipapakita.
5. Binibigyan lamang ng apat(4) hanggang limang(5) minuto ang bawat kalahok.
6. Ang desisyon ng lupon ng inampalan ay pinal.

**Kriteriya:**

a. Natatanging kagalingan at talento	-	40%
b. Pagkamalikhain	-	20%
c. Kakayahang pantanghal	-	20%
d. Kagamitan/props	-	10%
e. Hikayat sa madla	-	<u>10%</u>
		100%

**PATIMPALAK: Flip Top**

**Panuntunan:**

1. Binubuo ng tatlong(3) mag-aaral bawat pangkat ang lalahok sa paligsahan.
2. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng di-kaaya-ayang mga salita.
3. Nakatuon ang paksang pagtatalunan sa K to 12 Program.
4. Maaaring gumamit ng beat box.
5. Ilalahad sa loob ng apat(4) hanggang limang(5) minuto lamang ang palabas.

**Kriteriya:**

a. Kaangkupan sa paksa	-	30%
b. Pagpili ng mga salita	-	20%
c. Kasanayan	-	20%
d. Pagtatanghal	-	20%
e. Hikayat sa madla	-	<u>10%</u>
		100%

**PATIMPALAK: Pagsulat ng Sanaysay**

**Panuntunan:**

1. Ang paligsahan ay bukas para sa lahat ng mag-aaral ng DepEd Cebu Province.
2. Ang komposisyon ay binubuo ng tatlongdaang (300) mga salita hanggang limangdaang (500) na mga salita kasama na ang mga bantas.
3. Ang isinulat ay may kaangkupan sa paksang ibibigay.
4. Isang (1) oras ang ilalaan para sa naturang patimpalak.

**Kriteriya:**

a. Kaisahan ng ideya	-	30%
b. Kaangkupan sa tema	-	25%
c. Gramatika	-	20%
d. Istelo ng pagsulat	-	<u>25%</u>
		100%



**PATIMPALAK: Pagsulat ng Islogan**

**Panuntunan:**

1. Ang paligsahan ay bukas para sa lahat ng mag-aaral ng DepEd Cebu Province.
2. Binubuo ang slogan ng pitong(7) hangggang walong (8) salita kasama na ang mga bantas.
3. Gumagamit ng kalahating putling kartolina na may 1 inch na margin.
4. Gagamit lamang ng **My Gel, Craypas, Oil Pastel** sa pagsulat.
5. Nagsisimula sa salitang kilos o pandiwa ang islogan.
6. Isang oras ang gugulin para sa paligsahang ito.
7. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi pwedeng baguhin.

**Kriterya:**

a. Kaugnayan sa tema	-	40%
b. Pagkamalikhain	-	30%
c. Kalinisan	-	20%
d. Orihinalidad	-	<u>10%</u>
		100%

**PATIMPALAK: Paggawa ng Poster**

**Panuntunan:**

1. Ang paligsahan ay bukas para sa lahat ng mag-aaral ng DepEd Cebu Province.
2. Gumagamit ng isang buong kartolina at tiyakin na walang margin.
3. Gagamit lamang ng **Lapis, Craypas, Oil Pastel/Krayola** sa pagguhit.
4. Dalawang (2) oras ang gugugulin para sa paligsahang ito.
5. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi pwedeng baguhin.

**Kriterya:**

a. Kaugnayan o kaangkupan sa tema	-	40%
b. Pagkamalikhain	-	30%
c. Kalinisan/kabuuang dating	-	20%
d. Orihinalidad	-	<u>10%</u>
		100%

